Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
**BAYAN NG SANTA CRUZ**

**TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN**

...A KAT... KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BARANGAY POBLACION IV NOONG IKA- 29 NG NOBYEMBRE, 2000, MIYERKULES, SA GANAP NA IKA-9:30 NG UMAGA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| KGG. HEIDI S. CIRIACO | ........................ | Pang. Punong Bayan<br>Tagapangulo |
| Kgg. Eugenio A. Javier, Jr. | ........................ | Kagawad |
| Kgg. Florencio C. Odejar | ........................ | Kagawad |
| Kgg. Ricardo B. Ramirez | ........................ | Kagawad |
| Kgg. Bernardo E. Ison | ........................ | Kagawad |
| Kgg. Louie C. de Leon | ........................ | Kagawad |
| Kgg. Ariel T. Magcalas | ........................ | Kagawad |
| Kgg. Edgardo T. Porca | ........................ | Kagawad |
| Kgg. Jaime Alexander T. Calupitan | ........................ | Kagawad |
| Kgg. Angelito U. Limjuco | ........................ | Kagawad |
| Kgg. Jeffrey A. Villaseñor | ........................ | Kagawad |

*KAPASIYAHAN BLG. 363-T'2000*

*KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KAPASIYAHAN BLG. 161-T'2000 /KAUTUSANG PAGLAAN BLG. 08-T'2000 NG SANGGUNIANG BARANGAY NG PAGSAWITAN NA ITINUTUGMA ANG NALABING LAANG GUGULIN PARA SA ALLOWANS NG BARANGAY TANOD NA NAGKAKAHALAGA NG LIMAMPU'T PITONG LIBO PITONG DAAN LIMAMPUNG PISO (P57,750.00) TUNGO SA PINANSIYAL NA TULONG NG MGA BARANGAY TANOD AT RIC WORKER NG NASABING BARANGAY.*

*SAPAGKA'T,* iniharap at tinalakay ng sangguniang ito ang Kapasiyahan Blg. 161-T'2000/ Kautusang Paglalaan Blg. 08-T'2000 ng Sangguniang Barangay ng Pagsawitan na naglalayong makapagliwat ng laang gugulin ng nabanggit na barangay ayon sa isinasaad sa itaas nito;

*SAPAGKA'T,* ang naturang kapasiyahan / kautusan ay dumaan sa pagsusuri ng Pambayang Pinuno sa Badyet;

*KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,* sa mungkahi ng Kgg. Kag. Jaime Alexander T. Calupitan, na pinangalawahan ng Kgg. Kag. Louie C. de Leon at Bernardo E. Ison at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

*PINAGPASIYAHAN:* Na pagtibayin ang Kapasiyahan Blg. 161-T'2000/Kautusang Paglalaan Blg. 08-T'2000 ng Sangguniang Barangay ng Pagsawitan na itinutugma ang nalabing laang gugulin para sa allowans ng Barangay Tanod na nagkakahalaga ng P57,750.00 tungo sa pinansiyal na tulong ng mga Barangay Tanod at RIC Worker ng nasabing barangay.

*INIUUTOS:* Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Punong Bayan, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Tagatuos at Barangay Pagsawitan, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

PINAGTITIBAY.
PINATUTUNAYAN kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATUTOO: HEIDI S. CIRIACO
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY: DOMINGO G. PANGANIBAN
Punong Bayan